Pitik ni Baybay

Si Kabilgan ang Bathala ng mundo. May tatlo siyang anak na lalaki na sina Bulalangaw, Baybay, at Karaba. Si Bulalangaw ang Diyos ng Himpapawid. si Baybay ang Diyos ng Kalupaan. At si Karaba naman ang Diyos ng Apoy o Araw.

Araw-araw na ginagawa ng magkakapatid ang kanilang tungkulin. Isang araw, sama-sama silang pumaikot sa mundo. Minsan, nagugustuhan nilang magpakita ng kani-kaniyang galing. At minsan naman ay ginagawa ng bawat isa na mas maganda at naiibaang ginagawa niya kaysa sa kapatid.

"Ano kaya ang pwede kong gawin? tanong ni Baybay. Ah! Alam ko na. Mas maganda ang gagawin ko sa nagawa na nila. Bibigyan ko ng mga puno at halaman ang kalupaan! " sabi ni Baybay.

Pero dumating ang araw na nagsawa na sa kanyang gawain si Baybay.

Naisipan niyang pitikin ang panggitnang daliri at umikot ang mundo. Sumigaw ang mga tao sa takot. Nasa mukha ni Baybay ang tuwa dahil noon lang niya narinig ang sigaw ng mga tao. Sinubukan naman niyang pitikin ang kanyang hintuturo. Umikot nang pakaliwa ang mundo.

"Masaya palang pakinggan ang sigawan ng mga tao. Uulit-ulitin ko ito araw-araw," sabi ni Baybay.

Dinig lamang ni Baybay ang sigawan ng mga tao pero hindi niya alam ang nangyayari. Nabitak ang lupa. Gumalaw ang mga bundok. Nabuo ang mga daluyong na sumira ng mga bahay at namatay ang mga tao.

"Sino ang may gawa ng lahat ng ito"? sigaw ni Kabilgan.

Dahil sa galit ni Bulalangaw, kumulog at kumidlat sa buong daigdig. Dumilim naman ang buong paligid dahil sa lungkot ni Karaba.

"Tingnan mo ang nangyari sa ginawa mo." Sinayang mong lahat ang pagod ko pati ng sa dalawa mong kapatid." Parurusahan kita ngayon din."

Hawak ang mahiwagang tungkod, ginawang higante ni Kabilgan si Baybay hanggang sa kaya na nitong hawakan ang mundo.

"Mula ngayon, ikaw ang mag-aalaga sa mundong hawak-hawak mo." Sa bawat pitik ng iyong daliri ay lalaki ang mundong iyan hanggang sa ikaw ay matabunan," dagdag pa ni Kabilgan.

Umaga't gabi ay walang pahinga si Baybay. Hindi niya maiwasan ang gumalaw at maipitik ang daliri kaya umiikot at lumalaki ang mundo.

May dumungaw na isang tao sa isang dako ng mundo.

"Maaaring mali ang iyong ginawa. Dapat mong isipin kung ano ang magagawa mo para bumalik sa iyo ang tiwala ng iyong ama," sabi ng tao.

Nakaisip si Baybay ng paraan. Kahit na hawak–hawak niya ang napakabigat na mundo, patuloy siya sa paglikha ng mga bagay sa mundo na tutulong sa mga tao para bumangong muli.

Isang umaga ay namangha si Kabilgan pati na sina Bulalangaw at Karaba. Tinanong nila kung sino ang may likha ng lahat ng iyon at sinabi ng mga tao.

Hinawakan ni Kabilgan ang mahiwagang patpat at ibinalik sa dating anyo si Baybay.

Mula noon ay bumalik ang sigla ng magkakapatid at ng kanilang ama.